(Effective and Alternative Secondary Education)

# ARALING PANLIPUNAN I




## MODYUL 6
## ANG KOLONISASYON NG PILIPINAS

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# MODYUL 6

# PANANAKOP NG KASTILA

Tatalakayin sa modyul na ito ang mga patakarang kolonyal na ipinatupad ng mga Kastila mula nang dumating si Miguel Lopez de Legazpi sa Pilipinas noong 1565. Aalalahanin natin kung papaano isinulong ng mga Kastila ang kanilang layunin sa Pilipinas. Gayundin, susuriin natin ang naging papel ng simbahan sa panahon ng pananakop ng mga Kastila.

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1: Ang Pagdating ni Legazpi

Aralin 2: Konsolidasyon at Integrasyon ng Imperyong Kastila

Aralin 3: Ang Simbahan at Pagpapalaganap ng Kristiyanismo

Pagkatapos mong basahin at tapusin ang mga gawain sa araling nakasaad, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalarawan ang mga naganap simula sa pagdating ni Legazpi;
2. Mabibigyang puna kung paano ginamit ng mga Kastila ang krus at espada upang maisagawa ang pananakop sa mga katutubo; at
3. Masusuri ang papel ng Simbahan sa panahon ng Kastila.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Pagtapat-tapatin.  Isulat ang titk sa patlang.

Hanay A

___1. Ang misyon ng ekspedisyon ni Legazpi

___2. Nagpatibay ng pagkakaisa kina Legazpi at Sikatuna

___3. Mga paring nanguna sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo pagdating ng mga Kastila.

___4. Pangunahing misyon ng mga pari sa pagdating sa Pilipinas.

___5. Sa simbahan nakasalalay ang pagtatayo ng malalaking pamantasang Katoliko sa Pilipinas. Kauna-unahang itinayo ang pamantasang ito.

___6. Ang pagtatatag ng Kabisera sa Maynila ang nagsimula ng ganitong unang pamahalaan.

___7. Isa sa pinakamagiting na Raha ng Maynila bago dumating si Legazpi.

___8. Tawag sa pamahalaang lungsod pagdating ni Legazpi.

___9. Kauna-unahang kabisera sa Pilipinas.

___10. Katawagan sa pamamahala ng mga pari nang panahon ng pananakop.

___11. Kauna-unahang pamayanang itinatag ni Legazpi sa Bisaya.

___12. Dalawang magkaugnay na kapangyarihan noong panahon ng mga Kastila.

___13. Lugar sa Mindanao kung saan may kasunduang naganap sa mga Kastila at mga Muslim.

___14. Pinakamataas na pinuno ng simbahan noong panahon ng Kastila.

Hanay B

A. Ordeng Augustino
B. Unibersidad ng Sto. Tomas
C. Pamahalaang Sentralisado
D. Raha Sulayman
E. Pamahalaang Eklesyastikal
F. Sanduguan
G. Cebu
H. Ayuntamiento
I. Arsobispo
J. Mga misyonerong pari
K. Sakupin ang Pilipinas
L. Mga paaralang Katoliko
M. Maynila
N. Miguel Lopez de Legazpi
O. Krus at Espada
P. Mapalaganap ang Kristiyanismo
Q. Maynila

___15. Nahikayat nila ang mga katutubo na magpabinyag dahilan sa kanilang kahusayang magpaliwanag at makipag-usap sa mga katutubo.

___16. Dito itinuro at binigyang-diin ang matapat na pagsunod sa mga dayuhang Kastila at misyonaryo.

___17. Ito ang naging kabisera sa buong kapuluan na itinatag ni Legazpi.

___18. Sa ilalim ng kanyang pamamahala, naisakatuparan ang pagtatatag ng imperyong Kastila sa Pilipinas.

___19. Itinuturing na pinakamahalagang ambag ng mga Kastila sa mga Pilipino.

___20. Simbolo ng paraan ng mga Kastila sa pagsakop sa Pilipinas.


## ARALIN 1

## ANG PAGDATING NI LEGAZPI



Si Miguel Lopez de Legazpi ay inutusan ng Haring Felipe ng Espanya na sakupin ang Pilipinas. Katulad ni Magellan, naglakbay siya gamit ang daan pakanluran na tumatawid ng Dagat Atlantiko at Pasipiko.

Tatalakayin natin sa modyul na ito ang panahon ni Legazpi.



Inaasahang pagkatapos ng modyul ikaw ay:

1. Makatutukoy ng mga layunin ng ekspedisyon ni Legazpi;
2. Makapagpapaliwanag ng naging pagtanggap ng mga katutubo kay Legazpi; at
3. Makapagbibigay ng pagpapahalaga sa tradisyong sanduguan ng mga katutubo.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Bago natin talakayin ang mga paksa sa aralin, gawin mo ang sumusunod. Isulat ang iyong naging karanasan nang ikaw ay pumunta sa isang lugar na wala kang kakilala. Paano ka nakipagkilala doon at ano ang naging damdamin mo nang makaharap mo ang mga tao doon?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Ekspedisyon ni Legazpi**



Nang manungkulan si Felipe bilang Haring Felipe II ng Espanya, iniutos niya ang isang ekspedisyon na ang layon ay kumuha ng rekado at tumuklas ng daan pabalik sa Espanya mula sa Pilipinas sa pamamagitan ng Dagat Pasipiko.

Itinalaga ng Hari si Miguel Lopez de Legazpi bilang pinuno ng ekspedisyon. Tumulak si Legazpi mula Navidad, Mexico noong Nobyembre 21, 1564. Kasama niya sa ekspedisyong ito si Andres de Urdaneta na isa ng paring Augustino at magsisilbing pangunahing nabigante at tagapayong ispiritwal. Ang ekspedisyon ay binuo ng apat na barko at tatlongdaan at walumpung tauhan.

Bago tumulak ang ekspedisyon, nakatanggap si Legazpi ng isang selyadong sobre mula sa hari na bubuksan lamang pag nasa laot na sila. Sinunod ni Legazpi ang tagubilin at namangha sila dahil nakasaad sa sulat ang utos na "sakupin ang Pilipinas." Wala silang magagawa kundi sundin ang utos. Binuo nila sa isip na ang pananakop na kanilang gagawin ay bilang "paglilingkod sa Diyos at sa Simbahan".


**Sanduguan Nina Legazpi At Sikatuna**



Dumaong ang pangkat ni Legazpi noong Pebrero 1565 sa isang pulo na malapit sa Cebu. Hindi naging maganda ang pagtanggap ng mga katutubo kaya sila ay napilitang humanap ng mga pangangailangan sa mga karatig-pook hanggang sa makarating sila sa Bohol. Doon ay tinanggap sila nang maayos at noong Marso 16, 1565, may naganap na sanduguan sa pagitan ni Legazpi at Sikatuna, isa sa mga pinuno sa Bohol. Ito ay sinundan ng sanduguan din kay Sigala, isa pa ring pinuno sa Bohol.

**Si Legazpi Sa Cebu**

Tumuloy sina Legazpi sa Cebu subalit hindi naging maganda ang pagtanggap ng mga tauhan ni Raha Tupaz, ang pinuno ng Cebu. Kinalaban nina Legazpi ang mga katutubo na madali nilang nagapi. Pinatawad ni Legazpi ang mga tauhan ni Tupaz. Di naglaon, noong Hunyo 1565, ay lumagda sa isang kasunduan sina Legazpi at Tupaz. Kikilalanin nina Tupaz ang kapangyarihan ng Espanya at bilang kapalit, bibigyan sila ng proteksyon at pangangalaga ng mga Kastila.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Sa pamamagitan ng isang pangungusap lamang, maaari mo bang sabihin ang namagitan kina Legazpi at ng sumusunod na pinunong katutubo? Subukan mo.

1. Sikatuna –

   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________

2. Sigala –

   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________

3. Tupaz –

   ________________________________________
   ________________________________________
   ________________________________________



**Tandaan Mo!**

**Gawain 3: Paglalapat**


Ilarawan ang pamamaraang ginamit mo sa kasalukuyan para makipagkaibigan sa mga kasing-gulang mo. Papaano ninyo pinapagtibay ang inyong pagkakaibigan? Gaano kahalaga ang sanduguan?

## ARALIN 2

## KONSOLIDASYON AT INTEGRASYON SA EMPERYONG KASTILA



Tuluyang sinakop ni Legazpi ang malaking bahagi ng kapuluan ng Pilipinas, sa pamamagitan ng krus at espada, napasailalim niya ang Pilipinas sa Imperyong Kastila. Alam mo ba ang mga pangyayaring naging daan sa konsolidasyon at integrasyon ng Pilipinas sa Imperyong Kastila? Tutuklasin natin iyon sa araling ito.



Sa araling ito, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalarawan ang pamamaraang ginamit ni Legazpi sa pagsakop sa Pilipinas;
2. Maipaliliwanag ang lawak ng nasakop sa kapuluang Pilipinas;
3. Mapahahalagahan ang mga desisyon ng mga pinuno ng mga katutubong Pilipino tungkol sa ginawang pagsakop ng Pilipinas.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Magbigay ng tatlong pangungusap upang ilarawan ang iyong Barangay, ilan ang mamamayan doon at paano kayo nakikipag-ugnayan sa ibang Barangay?

___

___

___

___

___

**Unang Pamayanang Kastila**

Ang Cebu ang naging unang pamayanang Kastila at syudad sa Pilipinas. Una itong tinawag na San Miguel ngunit nang lumaon ay tinawag na Ciudad del Santisimo Nombre de Jesus. Natagpuan ang estatwa sa isang di nasunog na bahay nang maganap ang pagsalakay nina Legazpi noong Abril 1565 kaya't ipinangalan ito sa syudad.

Maraming suliranin ang hinarap ni Legazpi sa Cebu. Nakaranas sila ng kakulangan sa pagkain, kahirapan at problema sa pagdidisiplina ng mga katutubo. Minabuti ni Legazpi na tumungong Panay at noong 1570 ay inutusan si Martin de Goiti na galugarin ang ibang lugar sa Hilagang Luzon.

**Maynila: Kabisera ng Pilipinas**




Si Martin de Goiti ay matagumpay na nakarating ng Maynila noong Mayo 24, 1570. Ang Maynila ay pinamumunuan noon ni Raha Sulayman. Ito ay isa nang maunlad na pook sa pamumuno ni Sulayman. Matagumpay na nasakop ni Legazpi ang Maynila noong Mayo 19, 1571. Itinatag niya ang isang pamahalaang lungsod at ginawa niya itong kabisera ng Pilipinas.

Noong Hunyo 1, 1574, sa bisa ng kautusan ni Haring Felipe, ang lungsod ng Maynila ay tinawag na Insigne y Siempre Leal Ciudad *(Distinguished and Ever Loyal City).* Nagtatag si Legazpi ng pamahalaang lungsod o ayuntamiento na may dalawang alkalde, isang alguwasil mayor, 12 konsehal, at isang iskribano o tagasulat. Ginawa niyang Kabisera ng Pilipinas ang Maynila.

**Pananakop sa Luzon**

Mula sa Maynila, ang pagsakop sa ibang bahagi ng Luzon ay naging madali na para kay Legazpi. Nakatulong niya ang mga misyonero sa pagsakop sa Luzon. Madaling nakuha ng mga misyonero ang pagtitiwala ng mga katutubo. Marahil wala ring lakas ang mga barangay na labanan ang kapangyarihan ng mga Kastila. Sa Pangunguna ni Juan de Salcedo, isang apo ni Legazpi, at ni Martin de Goiti, nasakop ng mga Kastila ang Timog at Kapatagang Luzon noong 1572. Pagkaraan noon, nasakop din nila ang buong Hilagang Luzon.

**Tangkang Pagsakop sa Mindanao at Sulu**

Ang Sulu ay napuntahan naman ng mga Kastila noong 1636. Naitatag ni Gobernador Heneral Sebastian Hurtado de Corcuera ang isang kampaniento sa Jolo. Nagkaroon ng kasunduan ang mga Kastila at mga taga-Sulu na magtulungan kung may ibang dayuhang magtatangkang manakop sa naturang pook katulad ng mga Dutch o Portuges.

Ang kasunduan ay naglalaman din ng pagkilala ng Pamahalaang Espanya sa lubusang kapangyarihan ng Sultan ng Sulu sa ilang mga pulo. Pinahintulutan din ng Sultan ang mapayapang pagpasok ng mga paring Hesuita sa Jolo.

Hindi nagtagal ang bisa ng kasunduan. Noong 1647 ay sinalakay ng mga Suluano ang Kabisayaan at ginipit ang mga mamamayan ng Zamboanga.

Noong 1737, isang kasunduan ang pinagtibay naman ni Sultan Alimud Din na nilagdaan nina Datu Mohammed Ismael at Datu Ja'far at Gobernador Heneral Fernando Valdes y Tamon sa Maynila. Itinakda sa kasunduang ito ang pagpapanatili ng katahimikan at kapayapaan sa pamamagitan ng mapayapang paglutas ng anumang suliranin.

Nang mamatay ang amang si Sultan Alimud Din, ang kasunduan ay ipinagpatuloy ni Israel, ang humaliling pinuno ng Sulu.

Ang kasunduang nilagdaan noong Abril 1851 ay nagtakda ng halos lubusang pagsanib ng Sultanato ng Sulu sa Kaharian ng Espanya. Tumanggap ang mga Suluanon ng pangangalaga at proteksyon ng Espanya at kanilang ginamit ang bandila ng Kastila. Subali't nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng dalawa hinggil sa pagpapatupad ng mga tadhana ng kasunduan. Dahil sa ito ay nakasulat sa Wikang Kastila at diyalekto ng taga-Sulu, natuklasang hindi naging tama ang pagsasalin ng mga salitang Kastila sa diyalektong Suluanon. Simula ng di pagkakaunawaang ito, nagpatuloy ang mga labanan sa pagitan ng mga Muslim at Kastila at di gaanong nasakop ang Timog Mindanao.

**Pagkamatay ni Legazpi**

Noong Agosto 20, 1572, namatay si Legazpi. Sinasabing naitatag niya ang Imperyong Kastila at malakas na ito nang siya ay pumanaw. Ang pamahalaang itinatag niya sa Maynila ay ipinatupad din sa iba't ibang bahagi ng kapuluan.

Sa kabuuan, naging matagumpay ang pananakop ni Legazpi at ng kanyang mga tauhan. Ang pamamaraang ginamit ay ang "Krus at Espada" o ang relihiyon (kinakatawan ng Krus) at paggamit ng dahas kung kinakailangan (kinakatawan ng Espada). Nagpakita ang mga Kastila ng kabutihan sa mga katutubo, katulong ang mga paring misyonero, subalit gumamit din naman sila ng dahas sa pakikipaglaban sa mga katutubo.



**Gawain 2: Pagpapalalim sa Kaalaman**

Sa pamamagitan ng mapang nakalarawan, tukuyin ang mga lugar na napuntahan ni Legazpi. Kulayan ng itim ang mga lugar na lubusang nasakop at lagyan ng pahalang na guhit ang mga lugar na hindi lubusang nasakop.





**Tandaan Mo!**

- Si Miguel Lopez de Legazpi ay nanguna sa pananakop sa iba't ibang bahagi ng kapuluan, at nagtatag ng Imperyong Kastila.
- Ang sanduguan ay isang ritwal sa pagitan ng mga Espanyol at mga katutubo na nagpatibay ng kanilang pakikipagkaibigan.
- Ang Maynila ay naitatag na kabisera ng Pilipinas noong panahon ni Legazpi.
- Gumamit ng pamamaraang "Kus at Espada" ang mga Kastila.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gumawa ng isang kasunduan sa isang klase na kapareho ng antas mo. Ang nilalaman ay ang pagtutulungan ng klase mo at klase nila para sa isang proyekto tungkol sa pangangalaga ng inyong paaralan laban sa masasamang elemento sa lipunan.

**ARALIN 3**

**ANG SIMBAHAN AT ANG PAGPALAGANAP NG KRISTIYANISMO**



Magpatuloy tayong magpalawak ng ating kaalaman tungkol sa mga patakarang ginamit ng Espanya sa ating kapuluan upang tayo ay sakupin . Sa araling ito ay malalaman natin ang papel na ginampanan ng simbahan sa panahon ng Kastila. Marahil, ito na ang pinakamahalagang kontribusyon ng mga Kastila sa ating pamumuhay. Kayat tatalakayin natin ito.

Pagkatapos ng aralin, ikaw ay inaasahang:

1. Makagagawa ng balangkas ng Pangasiwaang Eklesiyastikal;
2. Makatutukoy ng mga Orden ng mga pari na nagpalaganap ng Kristiyanismo sa ating kapuluan; at
3. Makapagbibigay ng pagpapahalaga sa mga nagawa ng Simbahan sa ating kapuluan.

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

May kilala ka bang paring Katoliko sa lugar ninyo? Ilista mo sa isang papel ang mga ginagawa niya para mapalaganap o mapangalagaan ang relihiyong Katoliko.

**Mga Orden ng Paring Dumating sa Pilipinas**

Nagsimula ang Kristiyanismo nang dumating ang mga Kastila sa pamumuno ni Magellan noong 1521. Maaalala mo na nang dumating si Legazpi noong 1565 may kasama siyang limang paring Augustino na siyang nagpalaganap ng Kristiyanismo sa Cebu, Panay, Maynila, Pangasinan, Iloilo, Ilokos, Bataan at ilan pang lalawigan sa Bisaya. Sinundan ito ng pagdating ng iba pang Orden tulad ng Orden Franciscano noong 1577; Paring Hesuita noong 1581; Paring Dominicano noong 1587; Recoleto noong 1606; at Benedicto noong 1895.

**Pangasiwaang Eklesiyastikal**

Ang pinakamataas na pinuno ng Simbahang Katoliko sa Pilipinas noong panahon pa man ng Kastila ay ang Arsobispo. Sakop niya ang pangangasiwa sa lahat ng mg gawaing pangrelihiyon sa buong kapuluan. Ang Simbahan at ang Estado ay may ugnayan. Ang lahat ng mga gawaing pangrelihiyon sa buong Pilipinas ay sakop ng simbahan at ng estado. Ang pamamahala ng batas at ang pagbibigay ng kaparusahan sa mga nagkasala ay sakop din ng Simbahan at Estado. Ang lahat ng opisyal ng Simbahan mula Arsobispo, Obispo at Kura Paroko ay tumatanggap ng sahod buhat sa Estado. Ang simbahan ay itinataguyod sa pamamagitan ng buwis ng taongbayan. Ang Kura Paroko ay may

pribilehiyong opisyal sa kapuluan. Humahawak siya ng kapangyarihang pulitikal at mayroon siyang mataas na katayuan sa lipunan.

Ang kapangyarihang panghukuman ng pangasiwaang eklesiyastikal ay nasa hukuman ng Arsobispo. Ang hukumang ito ay nakipagtulungan sa *Holy Inquisition* at may kapangyarihang dumakip ng sinumang Pilipino o Kastilang mapaghihinalaan ng pagtataksil sa Simbahan o Ereheya.

**Mga Nagawa ng Simbahan**

Napakalaki ng papel ng Simbahan noong panahon ng Kastila.

Una, sa pamamagitan ng mga misyonero, naitatag ang pundasyon ng pangangailang ispiritwal ng mga katutubo.

Pangalawa, ang mga misyonero ang nanguna sa pagtatatag ng mga kabayanan. Sa bawat bayan, ipinakilala nila ang mga bagong pananim at halaman tulad ng kamatis, kakaw, pinya, taiko, kamatsile, gayundin ang ilang uri ng hayop.


Pangatlo, sa tulong ng mga manggagawang katutubo, ang mga misyonero ay nagtayo ng mga tulay, gusali, lansangan, mga paaralan at sistemang pang-irigasyon. Sila rin ang nagpatayo ng malalaking simbahang hanggang ngayon ay nasa paligid natin, at nagtataguyod ng mga patakarang edukasyonal ng Espanya ayon sa batas noong 1555. Ang mga paaralang unang itinatag ay mga paaralang parokya na pinamahalaan ng mga pari. Kasama sa mga asignatura ang wikang Kastila, Relihiyon, pagbasa, pagsulat, aritmetika, musika at pangangalakal. Sinundan ito ng iba pang paaralan na mataas ang antas katulad ng paaralang sekundarya, paaralang bokasyonal, at paaralan sa pagkaguro para sa mga kalalakihan.

Di nalaunan ay nagtatag din ng mga pamantasan o unibersidad. Ang Unibersidad de Santo Tomas ang itinuturing na pinakamatandang pamantasan sa kapuluan na itinatag noong 1611.




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gumawa ng balangkas ng mga itinalaga ng Simbahan noong panahon ng Kastila upang mangasiwa sa ating kapuluan. Simulan sa may pinakamataas hanggang pinakamababang katungkulan.



Saliksikin ang balangkas sa pangangasiwa ng Simbahang Katoliko sa iyong lugar. Gumawa ng balangkas ng pamamahala sa kasalukuyan. Pagkatapos ay ikumpara ito noong panahon ng Kastila. Ano ang pagkakatulad? Ano ang kaibahan?



**Tandaan Mo!**

- Pinakamahalagang ambag ng mga Kastila sa kulturang Pilipino ang Kristiyanismo.
- Ang Simbahan at ang Estado ay magkatuwang sa pamamahala noong panahon ng mga Kastila.
- Ang mga paaralang Katoliko ay itinatag ng mga paring Kastila. Binigyang diin sa mga paaralan ang pagdarasal, pagsunod sa nakatataas,di paglabag sa batas upang makapunta sa langit, at pagiging tapat sa mga Kastila.



**Gawain 3: Paglalapat**

Sa kasalukuyan, maraming paaralang Kristiyano sa ating bansa. Paano makatutulong ang mga paaralang ito sa pagpapaunlad ng bansa? Pangatwiranan mo kung dapat nilang gawin ang ginawa ng mga Kastila o hindi. Ano ang kanilang papel ngayon sa ating lipunan?



**PANGHULING PAGSUSULIT:**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Si Legazpi ang inatasan ng hari ng Espanya upang:
   A. dumiskubre ng mga lupain sa Pilipinas.
   B. mangalap ng mga rekado.
   C. sakupin ang Pilipinas.
   D. makipagkalakalan sa mga katutubo.

2. Alin sa mga sumusunod ang pinuno ng Bohol na nakipagsanduguan kay Legazpi bilang pagpapakita ng pakikipagkaibigan dito?
   A. Sigala
   B. Tupas
   C. Sikatuna
   D. Sula

3. Alin sa mga sumusunod na orden ng mga pari ang nanguna sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo sa panahong Kolonyal?
   A. Recoletos
   B. Dominicano
   C. Augustino
   D. Franciscano

4. Sa paglalakbay at pananakop ni Legazpi sa Pilipinas, kasama ang mga pari upang:
   A. magbigay ng payong ispiritwal.
   B. magpalaganap ng Kristiyanismo.
   C. makipagkalakalan.
   D. magbinyag ng mga Kristiyano.

5. Malaki ang nagawa ng simbahan sa ilalim ng pamahalaang Kastila sa edukasyon sa mga katutubo. Nagtayo sila ng mga paaralan. Alin sa mga sumusunod na paaralan ang hindi nila itinatag?
   A. Ateneo de Manila
   B. Unibersidad ng Pilipinas
   C. Unibersidad ng Sto. Tomas
   D. Kolehiyo de San Juan de Letran
6. Ang pagiging kolonya ng Pilipinas ay naging dahilan ng mga sumusunod maliban sa:
   A. pagiging Kristiyano ng mga Pilipino.
   B. pagkakaroon ng pamahalaang sentralisado.
   C. paggalang sa imahen ng Sto. Nino.
   D. pagkakaroon ng kaalaman sa pangangalakal.
7. Maunlad na ang Maynila nang sakupin ito ni Legazpi. Ang magiting na namumuno noon ay si:
   A. Sultan Alimud Din
   B. Raha Sulayman
   C. Datu Humabon
   D. Raha Lakandula
8. Alin sa mga sumusunod ang tawag sa pamahalaang lungsod sa ilalim ng Pamahalaang Kolonyal?
   A. Barangay
   B. Siyudad
   C. Imperyong Kastila
   D. Ayuntamiento
9. Sa pagtatayo ng Pamahalaang Sentral sa Maynila, ito ay naging:
   A. Kabisera ng Pilipinas
   B. Kabisera ng Luzon
   C. Punong-syudad pang-komersyo
   D. Punong-syudad ng Kristiyanismo

10. Ang pangangasiwa ng mga pari noong panahon ng Kastila ay tinaguriang:
    A. Orden
    B. Pamamahalang Eklesyastikal
    C. Ayuntamiento
    D. Pamamahalang Kolonyal

11. Alin ang tama sa mga pangungusap na ito?
    A. Ang simbahan at pamahalaan noong panahon ng Kastila ay magkahiwalay na namamahala.
    B. Ang simbahan ay nasa ilalim ng pamamahala ng Gobernador-Heneral.
    C. Ang Simbahan at Estado ay parehong may kapangyarihan sa pamamahala.
    D. Ang Simbahan at Estado ay magkalaban.

12. Ang unang pamayanang itinayo ni Legazpi sa kapuluan ay :
    A. Maynila
    B. Cebu
    C. Bohol
    D. Sulu

13. Alin sa mga sumusunod na sagot ang naglalarawan ng naganap sa Mindanao sa panahon ni Legazpi?
    A. Hindi kailanman napasok ng Kastila ang Mindanao.
    B. Ang mga misyonerong Kristiyano ay hindi makapasok sa Mindanao
    C. Walang pinunong taga-Mindanao na nakipagmabutihan sa mga Kastilang opisyal.
    D. Nagkaroon ng kasunduang pangkapayapaan sa pamamagitan ng Kastila at Taga-Mindanao ngunit hindi ito nagtagal.

14. Sa pamahalaang Eklesyastikal sa Pilipinas ang pinakamataas na pinuno ay:
    A. Arsobispo
    B. Obispo
    C. Co-adjutor
    D. Cura Paroco

15. Madaling nahikayat ang mga Pilipino na tanggapin ang Kristiyanismo dahil:
    A. Naaakit sila sa mapuputing misyonero.
    B. Magandang magpaliwanag at mababait ang mga naunang misyonero.
    C. Maraming magkatulad na paniniwala ang dati nilang pagsamba at ang Kristiyanismo.
    D. Nagustuhan nila ang Sto. Nino.

16. Alin sa mga sumusunod na lugar ang ginawang kabisera ng Pamahalaang Kolonyal?
    A. Cebu
    B. Maynila
    C. Bohol
    D. Panay

17. Alin sa mga sumusunod ang hindi naglalarawan ng sistema ng edukasyon noong panahon ng Kastila?
    A. Mga pari ang namamahala sa edukasyon.
    B. Ang edukasyon ay nakatuon sa relihiyon.
    C. Iminulat ang mga katutubo sa kahalagahan ng kalayaan.
    D. Binigyang-diin ang pagiging masunurin ng mga katutubo.

18. Ang konsolidasyon at integrasyon ng Imperyong Kastila ay naganap sa pangunguna ni :
    A. Magallanes
    B. Legazpi
    C. Pigafetto
    D. Martin de Goiti

19. Ang Pinakamahalagang naiambag ng Kastila sa Pilipino ay sa larangan ng:
    A. Kalakalan
    B. Relihiyon
    C. Edukasyon
    D. Pamahalaan

20. Bakit naging matagumpay ang pagsakop ni Legazpi sa maraming lugar sa Pilipinas? Lahat ay tama maliban sa:
    A. Nagtulungan ang mga misyonero at mga sundalo.
    B. Nakipagkasunduan ang mga Kastila sa mga pinuno ng mga katutubo.
    C. Gumamit ng puwersa lamang sa pamamagitan ng pagpatay, pananakot, at pagsunog sa lahat ng lugar at di naging mapayapa.
    D. Ginamit ang relihiyon bilang simbolo ng mabuting hangad.



## GABAY SA PAGWAWASTO

PANIMULANG PAGSUSULIT

1. K
2. F
3. A
4. P
5. B
6. C
7. D
8. H
9. Q
10. E
11. G
12. R
13. S
14. I
15. J
16. L
17. M
18. N
19. T
20. O

### ARALIN 1 ANG PAGDATING NI LEGAZPI

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Itsek ang sarili. Ang mga pamaraan para makipagkilala sa mga dayuhan ay maaaring mapayapa o gamitan ng dahas. Mas malaki ang puntos kung mapayapang paraan ang ginamit.

**Gawain 2: Pagpapalalim sa Kaalaman**

Ang mga kasunduan sa tatlong pinuno ay naglalaman ng:
Pagkakasundo ng pagkilala at pagpapasailalim ang mga katutubo sa kapangyarihan ng mga Kastila. Ang mga Kastila naman ay magbibigay ng proteksyon at ipagtatanggol ang mga katutubo at ang kanilang pamayanan sa mga kaaway nila.

**Gawain 3: Paglalapat**

Maaaring magbigay ng iba't ibang paraan ngunit mahalaga ang pakikipagkasunduan.

**ARALIN 2 KONSOLIDASYON AT INTEGRASYON SA EMPERYONG KASTILA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Ang mga sagot ay batay sa iyong mga nasaliksik. Maaaring marami ang tao sa inyong barangay. Ang pakikipagkapwa-ugnayan ay sa pamamagitan ng:

(1) pagkakaroon ng mga opisyal ng pamahalaan
(2) pagpupulong
(3) pagpaplano ng mga kasayahan at gawaing pang-barangay
(4) dyaryong pambarangay
(5) iba pa, depende sa iyong barangay.

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Mga nasakop:

Mga bayan sa Luzon at Visayas at Hilagang Mindanao

Mga di-nasakop:

Mga lugar sa Timog Mindanao

**Gawain 3: Paglalapat**

Ang nilalaman ng kasunduan ay maaaring:

(a) pagbubuo ng organisasyon at pagkakaroon ng mga tungkulin sa iba't ibang gawang pamproteksyon
(b) pangangako na gagawin ang mga tungkulin
(c) pagbibigay ng mga paraan kung paano pangangalagaan ang paaralan
(d) pagpirma sa lahat ng itinala

**ARALIN 3 ANG SIMBAHAN AT PAGPAPALAGANAP NG KRISTIYANISMO**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Maaaring Sago tang mga sumusunod . Ang iba pa ay depande sa mga obserbasyon mo iyong lugar.

1. Pagsesermon sa misa.

2. Pagtatatag ng mga organisasyong pang-simbahan.
3. Pagbisita sa mga kaanib ng simbahan.
4. Pagpapaganda ng simbahan.
5. Pagtatatag ng mga gawaing katekismo.

**Gawain 2: Pagpapalalim sa Kaalaman**

Arsobispo

↓

Obispo

↓

Kura Paroko

**Gawain 3: Paglalapat**

Maraming maaring itulong ng mga paaralng Kristiyano sa bansa. Mahalaga ang papel nila ngayon sa kasalukuyang lipunan.

1. Pagpapalaganap ng mabuting kaugalian at mataas na moralidad ng pamumuhay.
2. Pagpapalaganap ng Kristiyanismo.
3. Pagtulong sa pamahalaan upang mapabuti ang lipunan

Nararapat na hindi maulit ang ginawa ng mga Kastila na gamitin ang relihiyon sa gawaing pampulitika. Kaya't dapat lamang na magkahiwalay ang Simbahan at ang Estado.

**PANGHULING PAGSUSULIT:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. C | 6. D | 11. D | 16. B |
| 2. D | 7. B | 12. B | 17. C |
| 3. C | 8. D | 13. D | 18. B |
| 4. C | 9. A | 14. A | 19. B |
| 5. B | 10. B | 15. B | 20. C |